Ano ang dapat gawin kung gusto mong makuha ang pagkakataong ito ng iyong anak?

Makipag-ugnayan sa paaralan sa pamamagitan ng sulat o telepono para pag-usapan ang pagpasok ng iyong anak sa paaralan.

Ang pari sa inyong porokya ay maaring magbigay ng mga pangalan at lugar sa lokal na Katolikong paaralan na may elementary at secondaryang paaralan.

Maaari ding kumuha ng impormasyon sa Diocesan Education Service sa 0191 2433313

Kung kakailanganin mo pa ng tulong tungkol dito, maaari kang magtanong sa pari sa inyong parokya o makipag-ugnayan sa Diocesan Department for Education on 0191 2433313.

Picture of Local School and

Contact Details

Diocesan Education Service
St Cuthbert's House, West Road,
Newcastle upon Tyne NE15 7PY
Tel: 0191 2433310 office@edurcdhn.org.uk

Katolikong paaralan nagsisilbi sa Katolikong samahan



"Ang ating paaralan ay nagsisilbing gabay at tulong sa isang tao maging sa mensahe ng ating panginoong Hesukristo."

Right Reverend Bishop Kevin Dunn



Sa Diosis ng Hexham at Newcastle ay mayroong isang daan animnaput-dalawang 162 Katolikong paaralan na may mag-aaral mula edad 4 –19 na taong gulang.

DIOCESE OF HEXHAM AND NEWCASTLE
DIOCESAN EDUCATION SERVICE

Ikaw ba ang iyong pamilya ay bago sa United Kingdom?

Alam mo ba na ang anak mo ay maaring pumasak sa lokal na paaralang Katoliko ng libre?

This leaflet is in Filipino/ Tagalog

Ang ating Katolikong paaralan

Bakit libre sa mga Katolikong paaralan?

Ang Englatera ay isa sa kakaunting bansa sa buong mundo na nagbibigay karapatan sa mga magulang na pumili ng Katolikong paaralan para sa kanilang mga anak na nagbi bigay ng edukasyon ang mga paaralang ito ay may pondo galing sa pamahalaan.



Ang mga Katoliko sa Englatera ay mahigit 100 taon nang kumakalap ng pondo para makapag patayo ng sariling paaralan. Ginawa ito dahil gusto nilang hubugin ang kaalaman ng mga mag-aaral na malinang sa kanilang isipan sa paniniwala at kabutihang asal bilang isang Katoliko.

Noong taong 1944 ang mataas na tagapangasiwa ng simbahang Katolika ay nakipag ugnayan sa pamahalaan. Mula noon hanggang ngayon ang estado ay nagbibigay halaga sa pagpapatakbo ng mga paaralang Katoliko.

Mapanatili ang kaugaliang Katoliko

Ang mga tagapangasiwa ng Katolikong paaralan ang siyang may tungkulin para mapanatili ang pagkilala nito bilang isang Katolikong paaralan. Binibigyang halaga rin ang lahat ng miyembro nito. Sa ibang paaralan ang lokal na autoridad ang nangangasiwa nito.

Ang mga nangangasiwa ng Katolikong paaralan ay nagtatalaga ng punong-guro na nagbibigay halaga sa kabutihan at mangangasiwa sa maayos at Katolikong pamamalakad na magpapatatoo sa pagiging Kristiyano, kasama na ang pagdarasal.

Pinapahalagahan rin ng tagapangasiwa ang pagtuturo ng seks at personal na pakikitungo kaakibat sa turo ng samahang Katoliko.

Binibigyang halaga ang pagtuturo ng paniniwalang Katoliko na gumagamit ng mga babasahin na naisulat at nailathala ng mga Katoliko para gamitin sa mga Katolikong paaralan. Sa batas, kung kailan may isinasagawang inspeksiyon ang pamahalaan, maging ang diosis ay ginagawa rin ang ganitong paraan sa mga Katolikong paaralan para sa mataas na tagapangasiwa ng simbahang Katoliko.

Gaano Kagagaling ang mga bata?

Ang mga Katolikong paaralan sa diosis maging sa buong bansa ay binibigyan ng papuri dahil sa kanilang tagumpay sa larangan ng kakayahan at galing.

Ano ang mararanasan ng inyong mga anak?

Maging sino man sa atin ay bahagi ng Kristiyano at Katolikong samahan na kung saan ang bawat bata ay binibigyang halaga, pagmamahal at pangangalaga dahil sila ang napakagandang likha ng ating panginoon.

Bawat aspeto sa buhay sa Katolikong paaralan ay binubuo sa pamamagitan ng turo ng diyos at pagpapalaganap sa prinsipyo ng simbahang Katoliko.

Magandang relasyon sa pamamagitan ng pagbibigay respeto sa bawat isa ang siyang puso na ibinibigay ng paaralang Katoliko.

Panalangin at paniniwala ang siyang pinaka sentro/layunin ng buhay sa paaralan, para mahubog ang kakayahang mental ispiritwal at sosyal na pagkatao ng isang bata.